Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
BAYAN NG SANTA CRUZ

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI NG KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN, NOONG IKA-14 NG AGOSTO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | ............... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ............... | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | ............... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ............... | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | ............... | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | ............... | Kagawad |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | ............... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ............... | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | ............... | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | ............... | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | ............... | Kagawad<br>Nasa lakad opisyal |

KAPASIYAHAN BLG. 194-T'2002

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 94-T'2002 / ORDINANSA SA LAANG GUGULIN BLG. 4-T'2002 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG CALLIOS NA INILILIPAT ANG HALAGANG SAMPUNG LIBONG PISO (P10,000.00) MULA SA PONDO SA MENTINANSYA NG PASILIDAD SA BARANGAY; HALAGANG LIMANG LIBONG PISO (P5,000.00) MULA SA PONDO SA PAGPAPAKUMPUNI NG KAGAMITAN AT MATERYALES NA MAY KABUUANG HALAGANG LABINLIMANG LIBONG PISO (P15,000.00) NA PAREHONG NASA PONDO NG MENTINANSYA AT IBA PANG GASTUSIN (MOOE) UPANG MAGAMIT NA PAMBILI NG GASOLINA AT MENTINANSYA SA SASAKYAN; GAYUNDIN ANG PAGLILIPAT NG HALAGANG SAMPUNG LIBONG PISO (P10,000.00) MULA SA PONDO NG LIVELIHOOD AT HALAGANG LIMANG LIBONG PISO (P5,000.0)) MULA SA PONDO NG PAMBILI NG PESTICIDE / INSECTICIDE NA PAREHONG NASA 20% DEVELOPMENT FUND NA MAY KABUUANG HALAGANG P15,000.00 UPANG ILAAN SA DRUG PREVENTION AND CONTROL PROGRAM SA NABANGGIT NA BARANGAY.*

*SAPAGKA'T*, ang paglilipat ng pondo ay isinagawa ng Sangguniang Barangay ng Callios, na ang mga halaga ay nakasaad sa itaas, sa layuning magamit sa mga mahalagang gastusin ng nabanggit na barangay;

*SAPAGKA'T*, ito ay dumaan sa pagsusuri ng mga kasapi ng Lupon sa Pananalapi ng Pamahalaang Bayan at inirekomendang paglibayin ng Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi ng Sangguniang Bayan.

*SAPAGKA'T*, anuman ang gawing paglalabas ng gugulin ay kapapanagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Callios

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Eugenio A. Javier, Jr., na pinangalawahan ng Kgg. Kag Louie C. de Leon sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap.. ay

*PINAGPASIYAHAN* : Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 94-T'2002/ Ordinansa sa Laang Gugulin Blg. 4-T2002 ng Sangguniang Barangay ng Callios na inililipat ang halagang P10.000.00 mula sa pondo sa mentinansya ng pasilidad sa barangay; halagang P5.000.00, mula sa pondo sa pagpapakumpuni ng kagamitan at materyales na may kabuuang halagang P15.000.00 na parehong nasa pondo ng Mentinansya at Iba pang Gastusin (MOOE) upang magamit na pambili ng gasolina at mentinansya ng sasakyan, gayundin ang paglilipat ng halagang P10.000.00 mula sa pondo ng livelihood at halagang P5.000.00 mula sa pondo ng pambili ng pesticide, insecticide na parehong nasa 20% development fund na may kabuuang halagang P15.000.00 upang ilaan sa Drug Prevention and Control program sa nabanggit na barangay.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Callios, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. ARIEL T. MAGCALAS
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan